Kagawaran ng Edukasyon ng NSW

Behaviour code for students

Information for students and parents or carers

# Pamantayan ng pakikitungo para sa mga mag-aaral

## Impormasyon para sa mga mag-aaral at magulang o mga tagapag-alaga

Ang mga pampublikong paaralan ng NSW ay nakatuon sa pagbibigay ng ligtas, sumusuporta, at tumutugon sa mga kapaligiran ng pag-aaral para lahat at sa iba't-ibang mga lugar. Itinuturo at tinutularan namin ang mga napapabilang at ligtas na gawi na pinahahalagahan namin sa aming mga mag-aaral.

### Sa mga pampublikong paaralan ng NSW, ang mga mag-aaral ay inaasahan, sa abot ng kanilang makakaya, na:

- igalang ang kanilang mga kapwa mag-aaral, ang kanilang mga guro at mga kawani ng paaralan at mga miyembro ng komunidad
- sumunod sa mga patakaran ng paaralan at klase at sundin ang mga direksyon ng kanilang mga guro
- magsumikap para sa pinakamataas na pamantayan ng pagkakatuto
- kumilos sa isang magalang na paraan na ipinaparamdam sa lahat ng mga miyembro ng komunidad ng paaralan na pinahahalagahan, napapabilang at sinusuportahan
- lutasin ang mga hindi pagkakasundo nang may paggalang, mahinahon at walang kinikilingan
- tinutugunan ang napagkasunduang patakaran ng uniporme o pamantayan ng pananamit
- pumasok sa paaralan araw-araw (maliban kung legal na lumiban)
- igalang ang lahat ng mga ari-arian
- maging ligtas at hindi maging marahas o magdala ng mga armas, labag sa batas na mga druga, alak, vapes, e-cigarettes o tabako sa aming mga paaralan
- huwag mang-api, manligalig, manakot, o manghusga laban sa sinuman sa ating mga paaralan.

Ang mga paaralan ay gumagawa ng aksyon bilang tugon sa gawi na nakapipinsala sa sarili o sa iba o sa pagtupad ng mataas na kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

### Lahat ng mga mag-aaral ay may karapatan para sa:

- kaligtasan sa paaralan
- paggamit at lubos na makisali sa kanilang pagkakatuto
- tratuhing may paggalang ng ibang mga mag-aaral, mga guro at kawani ng paaralan
- ipahayag ang kanilang mga pananaw, magtakda ng mga layunin at itaguyod ang sarili.

Ang punong-guro at mga kawani ng paaralan, gamit ang kanilang propesyonal na pagpapasya, ay pinakamahusay na nakalagay upang mapanatili ang disiplina at magbigay ng ligtas, sumusuporta at tumutugon na mga kapaligiran ng pag-aaral at magbigay ng nararapat na aksyon kapag ang mga mag-aaral ay hindi nakakatugon sa mga inaasahang ito.

Responsable ang kagawaran sa pagbibigay ng isang balangkas ng patakaran at mga mapagkukunan tulad ng mga pahayag sa mga legal na isyu, pag-access sa espesyalistang payo, at propesyonal na pag-aaral upang gabayan ang mga punong-guro at ang kanilang mga kawani sa pagsasagawa ng kanilang propesyunal na pagpapasya.

Sa kontekstong ito, ang Pamahalaan ng NSW at ang Kagawaran ng Edukasyon ay susuporta sa awtoridad at pagpapasya ng mga punong-guro at mga kawani ng paaralan sa lokal na antas.

### Pamantayan ng pakikitungo para sa mga mag-aaral: Mga aksyon ng mga mag-aaral

Ang pagsulong sa pagtanggap, pag-aaral, kapakanan, at kaligtasan ng lahat ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng NSW ay napakamahalaga para sa Kagawaran ng Edukasyon.

Kami ay nagpapatupad ng mga pamamaraan ng pagtuturo at pag-aaral sa lahat ng mga sitwasyon upang suportahan ang pag-unlad ng mga kakayahan na kinakailangan ng mga mag-aaral upang matugunan ang aming mataas na pamantayan para sa magalang, ligtas at nakikibahaging pakikitungo.

**Upang matugunan ang mga inaasahan na itinakda sa itaas, ang mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng NSW, sa abot ng kanilang makakaya, ay dapat na sundin ang mga sumusunod na mga prinsipyo.**

NSW GOVERNMENT

### Paggalang

- Tratuhin ang isa't isa nang may dangal.
- Makipag-ugnay at kumilos nang magalang.
- Kumilos at makipagtulungan sa ibang mga mag-aaral, mga guro, at mga kawani ng paaralan.
- Bumuo ng positibo at magalang na mga ugnayan.
- Igalang ang mga kinawiwilihan, kakayahan at kultura ng iba.
- Igalang ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng ibang mga mag-aaral.
- Magdamit ng maayos sa pamamagitan ng pagsusuot ng napagkasunduang uniporme ng paaralan o pamantayan ng pananamit.
- Ingatan ang mga ari-arian ng paaralan at mga ari-arian ng mga kawani at iba pang mga mag-aaral.

### Kaligtasan

- Tularan at sundin ang mga tuntunin ng paaralan at klase at mga inaasahan tungkol sa pakikitungo at pag-uugali.
- Makipag-ayos at lutasin ang mga hindi pagkakasundo.
- Magkaroon ng kamalayan at kunin ang responsibilidad kung paano ang kanilang pakikitungo at aksyon ay nakakaepekto sa iba.
- Pangangalaga sa sarili at sa iba.
- Maging ligtas at tulungan ang iba na makagawa ng mga ligtas na pagpapasya na hindi nakakapinsala sa kanilang sarili o sa iba.

### Pakikitungo

- Dumating sa paaralan at klase sa takdang oras.
- Maging handa para sa bawat aralin.
- Aktibong makisali sa pag-aaral.
- Maghangad at magsumikap na makamit ang pinakamataas na pamantayan ng pag-aaral.

### Serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, pakitawag ang punong guro ng paaralan. Kung nangangailangan ka ng isang interpreter upang tumulong sa iyong pagtatanong, pakitawag ang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa iyong wika.

Ipagbigay-alam sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong tawagan at ang opereytor ay kukuha ng isang interpreter sa linya upang tulungan ka sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.